

MAKAKATULONG SA IYO ANG BATAS NG CALIFORNIA

Kapag ang isang nangungupahan at nang-aabuso ay umupa ng isang bahay at magkasama sa pag-upa, pareho silang "magkasamang mananagot" para sa upa. Nangangahulugan ito na kung ang upa ay hindi binayaran, ang parehong tao ay magiging responsable para sa buong utang sa upa at anumang mga negatibong kahihinatnan ng hindi pagbabayad. Maaari kang mag-alala na ang pagpapaalis sa yunit ng isang nang-aabuso na tumutulong sa pagbabayad ng upa ay nangangahulugan na kailangan mong sagutin ang buong upa nang mag-isa. Ang batas ng California ay nagbibigay sa mga nangungupahan ng ilang mga paraan upang maiwasan ang sitwasyong ito.

HERA

Mga tagapagtaguyod ng mga karapatang pang-ekonomiya at pabahay ng HERA

Makipag-ugnayan sa amin:

(510) 271-8443 Ext. 300

inquiries@heraca.org

www.heraca.org

P.O. Box 29435

Oakland, CA 94604



Ang proyektong ito ay naging posible sa pamamagitan ng isang kaloob mula sa Komisyon ng California sa Estado ng Mga Babae at Batang Babae (California Commission on the Status of Women and Girls).

Ikaw ba ay isang biktima ng karahasan sa tahanan, seksuwal na pag-atake, lihim na pagsusubaybay, pagtatrapiko ng tao, pang-aabuso sa nakatatanda, o pang-aabuso ng umaasang nasa hustong gulang?

Kung oo, at gusto mong tanggalin ang nang-aabuso sa iyong unit at kayang manatili sa pangungupahan, matutulungan ka ng Batas ng California.

KASAMA SA IYONG MGA KARAPATAN:

- Pagkuha ng isang utos na pagpigil na nag-aalis sa yunit ng isang nang-aabuso na kasama rin sa upa.
- Responsable pa rin ang nang-aabuso sa upa, kahit na hindi sila pinapayagan ng utos ng pagpigil na makapasok sa apartment (California Civil Code § 1941.6(e)).
- Ang nang-aabuso ay may responsibilidad pa rin para sa upa hanggang sa mabago o matapos ang upa.

MAAARI MO DIN:

- Hilingin sa hukuman na ipag-utos sa nang-aabuso na magbayad ng upa bilang bahagi ng utos ng pagpigil.
- Ang Mga Alituntunin sa Pamilya ng California (California Family Code) § 6324 ay nagsasabi na ang mga hukuman ay maaaring mag-utos sa alinmang partido na magbayad ng "mga lien o mga pasanin" bilang bahagi ng utos ng pagpigil.
- Magandang ideya na makipag-usap sa isang abogado tungkol sa pag-uutos sa isang nang-aabuso na magbayad ng upa, dahil hindi 100% malinaw ang batas.

MAY KARAPATAN KA:

- Na hindi masingil ng bayad para sa pagsira ng pag-upa o iba pang mga parusa para sa pagtatapos ng pag-upa nang maaga.
- Na maibalik sa iyo ang iyong pangseguridad na deposito at anumang paunang bayad sa upa, kahit na sirain mo nang maaga ang iyong pag-upa (California Civil Code § 1946.7(f))

UTANG SA KAGAMITAN PALINGKURANG-BAYAN (UTILITY)

Ang mga tuntunin ng PG&E ay nagsasaad na ang lahat ng nasa hustong gulang sa sambahayan ay magkakasamang responsable para sa mga singil sa palingkurang-bayan (utility) na sinisingil habang sila ay nakatira sa bahay. Nangangahulugan ito na kung ang isang mag-asawa na naninirahang magkasama ay may utang sa palingkurang-bayan (utility) at pagkatapos ay naghiwalay, ang parehong tao ay mananatiling responsable sa pagbabayad ng utang. Maaari itong maging isang problema kung ang isang tao ay lilipat at ang isa ay mananatili, ngunit kailangang magbayad ng utang mula sa relasyon.

*PG&E Electric Rule 3,
www.pge.com/tariffs/assets/pdf/tariffbook/ELEC_RULES_3.pdf

Tip: Kung maaari, subukang alisin sa mga akawnt ng palingkurang-bayan (utility) at tingnan kung may anumang utang ang akawnt. Napakahirap magbukas ng bagong akawnt kung ang isang nakaraang akawnt ay may natitirang utang, kahit na ang utang na iyon ay mula sa pagkatapos mong lumipat.

Mayroon kang mga karapatan:

Upang makipagtalo sa utang sa palingkurang-bayan (utility) sa iyong pangalan kung mapapatunayan mo na nakatira ka sa ibang lugar noong ginawa ang mga singil sa palingkurang-bayan (utility).

Maaari kang:

Maghain ng isang reklamo sa pakikipagtalo sa utang sa palingkurang-bayan (utility) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Sangay ng Consumer Affairs ng California Public Utilities Commission (CPUC). Ang higit pang impormasyon dito ay matatagpuan dito:

www.cpuc.ca.gov/consumer-support/file-a-complaint/utility-complaint/cab-faqs